

Tala: 1

Cancer sa kuwelyo ng Matris(includes abstract) LaRusso L; Purcell G Jr.; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, April 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052452

Abstract: Ang cancer sa kuwelyo ng matris ay karamdaman kung saan nagkakaroon ng mga selula ng cancer sa kuwelyo ng matris. Ang kuwelyo ng matris ang mas mababa, makipot na bahagi ng matris (bahay-bata) na nagdurugtong sa matris at puwerta. Nangyayari ang cancer kapag ang mga selula sa katawan (sa kasong ito epithelial cervix cells) ay dumarami nang walang kontrol o kaayusan. Karaniwan, ang mga cell ay nahahati sa isang kontroladong pamamaraan. Kung mananatiling dumarami nang walang kontrol ang mga selula, nabubuo ang bukol ng tissue, na tinatawag na growth o tumor. Ang salitang cancer ay tumutukoy sa mga nakapipinsalang (malignant) tumor, na maaaring lumusob sa mga kalapit na tissue at maaaring kumalat sa ibang mga bahagi ng katawan. Ang hindi malalang tumor (benign) ay hindi lumulusob o kumakalat.

View English

Database:

Consumer Health Information -- Tagalog

Cancer sa kuwelyo ng Matris

(Cancer sa Kuwelyo ng Matris)


ni: Laurie LaRusso, MS, ELS

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang cancer sa kuwelyo ng matris ay karamdaman kung saan nagkakaroon ng mga selula ng cancer sa kuwelyo ng matris. Ang kuwelyo ng matris ang mas mababa, makipot na bahagi ng matris (bahay-bata) na nagdurugtong sa matris at puwerta.

Nangyayari ang cancer kapag ang mga selula sa katawan (sa kasong ito epithelial cervix cells) ay dumarami nang walang kontrol o kaayusan. Karaniwan, ang mga cell ay nahahati sa isang kontroladong pamamaraan. Kung mananatiling dumarami nang walang kontrol ang mga selula, nabubuo ang bukol ng tissue, na tinatawag na growth o tumor. Ang salitang cancer ay tumutukoy sa mga nakapipinsalang (malignant) tumor, na maaaring lumusob sa mga kalapit na tissue at maaaring kumalat sa ibang mga bahagi ng katawan. Ang hindi malalang tumor (benign) ay hindi lumulusob o kumakalat.

Cancer sa kuwelyo ng Matris

Medical Legal Art

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sanhi

Iminumungkahi ng pananaliksik na ilang viruses na naikakalat sa pakikipagtalik (hal, human papilloma virus) ay maaaring maging sanhi ng pagbabago ng nuclei sa mga selula sa matris na maaaring humantong sa cancer.

Mga Nagbibigay Panganib

Naniniwala ang mga siyentista na nagsasabay ang mga nagbibigay panganib, kabilang dito ang:

- Impeksiyon sa kuwelyo ng matris ng human papillomavirus (HPV)—ang pangunahing nagbibigay panganib sa cancer sa kuwelyo ng matris
- Kasaysayan ng cervical dysplasia (isang precancerous na kalagayan)
- Bilang babae kung kanino ang ina ay uminom ng gamot na diethylstilbestrol (DES) habang nagbubuntis
- HIV/AIDS
- Edad: mas matanda sa 25 na taong gulang
- Maraming katalik
- Pagkikipagtalik bago ang edad na 18
- Unang pagbubuntis bago ang edad na 20
- Kasaysayan ng hindi pagkakaroon ng mga Pap test
- Paninigarilyo

Sintomas

Kadalasang hindi lumalabas ang mga sintomas hanggang maaaring maging cancer ang mga di-normal na selula. Nilulusob nila ang kalapit na tissue. Kapag nangyari ito, ang pinaka-karaniwang sintomas ay di-normal na pagdurugo, na maaaring kabilang ang:

- Pagdurugo sa pagitan ng regular na yugto ng pagrereglá
- Pagdurugo pagkatapos ng pakikipagtalik, douching, o pagsusuri sa balakang (pinaka-karaniwan)
- Pagrereglá na mas matagal at mas malakas kaysa karaniwan
- Pagdurugo sa puwerta pagkatapos ng menopause
- Dumaming vaginal discharge na hindi dugo

Ang mga sintomas na ito ay maaari din na dulot ng iba, hindi gaanong malalang mga kondisyong pangkalusugan. Kung maranasan mo ang mga sintomas na ito, makipagkita sa iyong doktor.

Diagnosis

Kabilang sa mga pagsusuri upang matuklasan ang cancer sa kuwelyo ng matris ang:

Pap Test

Natutuklasan ng Pap test ang cancer sa kuwelyo ng matris. Natutuklasan rin nito ang cervical dysplasia. Kukuha ang doktor ng sample ng mga selula mula sa kuwelyo ng matris upang masuri. Ang taunang Pap smear o pagsusuri ang nag-iisang pinakamatagumpay sa pagbabawas sa cancer sa mga umuunlad na bansa.

Mahalagang tumanggap ang babaeng aktibo sa pakikipagtalik ng taunang Pap test. Kailangan rin niyang subaybayan ang anumang di-normal na mga resulta na inilarawan ng kanyang doktor. Ipinapakita ng mga bagong pag-aaral na maaaring ligtas na patagalín ng mga babeng lampas sa edad na 30 na nagkaroon na ng tatlo o higit pang normal na taunang Pap tests ang pagitan ng Pap screening sa minsan tuwing tatlong taon.

HPV Test

Maaaring suriin ang parehong material mula sa Pap test para sa HPV virus mismo.

Colposcopy

Ang colposcopy ay isang pagsusuri sa puwerta at kuwelyo ng matris. Gumagamit ang proseso ng may ilaw na magnifying instrument. Kailangan ito kung ipinapakita ng Pap test ang cervical dysplasia (precancer) o cancer.

Biopsies

Ang mga biopsy ay kasunod na ginagawa sa mga pinaghihinalaang bahagi. Sinusuri ang tinanggal na tissue para sa mga selula ng cancer.

Paggamot

Sa oras na matagpuan ang cancer sa kuwelyo ng matris, ginagawa ang staging tests upang malaman kung kumalat na ang cancer at, kung ganoon nga, sa anong hangganan. Depende ang mga paggamot sa cancer sa kuwelyo ng matris kung nasaang yugto ang cancer.

Kasama sa mga paggamot ang:

Operasyon

Tinatanggal ang cancerous tumor, kalapit na tissue, at maaaring ang kalapit na kulani. Maaaring tanggalin lamang ng doktor ang tumor at nakapaligid na normal na tissue. Sa ilang mga kaso, ang hysterectomy (pagtanggal sa buong matris) ay kailangan. Minsan tinatanggal rin ang mga obaryo at mga fallopian tube.

Radiation Therapy (Radiotherapy)

Ang radiation therapy ay ang paggamit ng radiation upang patayin ang mga selula ng cancer at paliitin ang mga tumor. Maaaring ibigay ang radiation sa dalawang paraan:

- External radiation therapy—radiation na itinututok sa tumor mula sa labas ng katawan
- Internal radiation therapy—inilalagay ang radioactive materials sa o malapit sa mga selula ng cancer.
 - Napakahalaga na matanggap mo ang iyong therapy mula sa may karanasang radiation oncologist
 - Tanungin kung tatanggap ka ng mataas-na-dosis o mababang-dosis na therapy

Chemotherapy

Ang chemotherapy ay ang paggamit ng mga toxic na gamot upang patayin ang mga selula ng cancer. Maaaring ibigay ang chemotherapy sa maraming paraan kabilang ang: tableta, iniksyon, at sa pamamagitan ng isang catheter. Pumapasok ang mga gamot sa daloy ng dugo at umiikot sa buong katawan. Pinapatay nito ang karamihang mga selula ng cancer, ngunit ilan ring mga malusog na selula. Bihirang pinagagaling ng chemotherapy lamang ang cancer sa kuwelyo ng matris. Maaaring gamitin ito kasama ng operasyon at/o radiation.

Maaari ding gamitin ang therapy na ito upang kontrolin ang sakit at pagdurugo kapag hindi na maaari ang paggamot.

Chemoradiotherapy o Combined Modality Therapy

Para sa karamihan ng mga cancer sa kuwelyo ng matris, ang pinagsamang chemotherapy at radiation therapy ay naipakita nang nagpapagaling sa mas maraming mga babae kaysa radiation lamang.

Pag-iwas

Ang paghanap at paggamot sa precancerous tissue sa kuwelyo ng matris ang pinakamabisang paraan upang iwasan ang cancer sa kuwelyo ng matris. Kausapin ang iyong doktor tungkol sa naaangkop na takda ng mga pagpapatingin. Dapat mong ituloy ang pagtanggap ng regular na Pap smears. Isa pang mabisang paraan ay bawasan ang iyong panganib ng pagkakalantad sa HPV virus. Kasalukuyang may dalawang paraan upang magawa ito:

- Ligtas na pakikipagtalik—Limitahan ang bilang ng mga katalik at gumamit ng mga condom.
- HPV vaccination —Sa paunang pananaliksik 100% na mabisa ang bakunang ito sa pagpigil sa impeksiyon ng HPV. Hindi pa nalalaman kung talagang mababawasan ang panganib ng nabakunahang mga babae sa cancer sa kuwelyo ng matris at precancer. Kung nanganganib ka sa HPV, kausapin ang iyong doktor tungkol sa pagkuha ng bagong bakunang ito.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. April 2008

Numero ng Item: 2010052452